Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-19 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 237-2020**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HINIHILING SA PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN ANG PAGLILINAW HINGGIL SA KANYANG OPISYAL NA TUGON, AKSYON, REKOMENDASYON AT PAHAYAG, UKOL SA NAGING KAPASYAHAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA NAGANAP NA 'SPLITTING OF CONTRACTS', PARTIKULAR SA TRANSAKSIYON NOONG DISYEMBRE, 2019 PATUNGKOL SA "CHRISTMAS GROCERY PACKS" AT "APPLIANCES" NA MALINAW NA LABAG SA ITINATAGUBILIN NG REPUBLIC ACT NO. 9184 O' "GOVERNMENT PROCUREMENT ACT".**

**AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** buong lakas at pagkakaisang pinagtibay at sinang-ayunan ng mga bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ang Kapasiyahang Panlungsod Blg. 203-2020 hinggil sa naging pag-aaral nito sa naganap na sabwatan at illegal na "splitting of contracts" partikular sa naging transaksyon nito noong Disyembre 2019 patungkol sa "CHRISTMAS GROCERY PACKS" AT "APPLIANCES";

**SAPAGKAT,** buong tapat na ginampanan ng Sangguniang Panlungsod ang kaniyang tungkulin sa ilalim ng kanyang "Quasi-judicial Function", "Oversight Function" in aid of legislation na itinatagubilin ng Republic Act No. 7160 o' mas kilala sa taguring "Local Government Code";

**SAPAGKAT,** sa naging pahayag ng Punong Lungsod, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN sa pamamagitan ng Facebook ng City Information Office (CIO) ay kanyang tinuran ang mga sumusunod:

> *"xxx Ang kanila pong rekomendasyon ay magiging gabay natin sa mga susunod na taon xxx"*
>
> *"xxx hindi na po kailangan pa ng panibagong imbestigasyon mula sa Tanggapan ng Punong Lungsod xxx"*

**SAPAGKAT,** ang mga naturang pahayag ay sadyang hindi malinaw kung ano ang magiging tiyak na aksyong legal ng Tanggapan ng Punong Lungsod, laban sa mga nagkasala sa ilalim ng batas at ng mga umiiral na batas, partikular sa Republic Act No. 9184 o' ang Government Procurement Act;

**SAPAGKAT,** pinapakahulugan po ba ng Punong Lungsod na sapat na ang pagbibitiw nina G. Francisco S. Domingo, Jr., Tagapangasiwang Panlungsod at ni G. Mark Lester Santos, Pinuno ng Tanggapan ng Pangangasiwa sa Kakayahang Pantao (CHRMO) sa kani-kanilang tungkulin nang walang kaakibat na pananagutang legal?

**SAPAGKAT,** pinapakahulugan din po ba ng Punong Lungsod na ang kanyang mabunying tanggapan ay hindi na magsasagawa ng sariling imbestigasyon hinggil sa maselang usaping ito na may kinalaman sa pera ng bayan?

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, ayon din sa isinagawang rekomendasyon ng Sangguniang Panlungsod ay magalang na hiniling ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng sariling imbestigasyon hinggil dito;
2. Mapatawan ng kaukulang kaparusahan at makapaghain ng kasong administratibo at criminal laban sa mga mapapatunayang nagkasala;
3. Patawan ng Preventive Suspension ang mga kasapi ng Bids and Award Committee (BAC), BAC Technical Working Group at BAC Secretariat;
4. Kagyat na pagbabagong balangkas sa komposisyon ng Bids and Award Committee (BAC); at
5. Pagganap ng Punong Ehekutibo sa kanyang kapangyarihang pagpataw ng kaparusahan sa mga kawani ng Pamahalaang Lokal (Disciplinary Power).

Sa nagkakaisang mungkahi ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian ang paglilinaw hinggil sa kanyang opisyal na tugon, aksyon, rekomendasyon at pahayag, ukol sa naging kapasyahan ng Sangguniang Panlungsod sa naganap na 'Splitting Of Contracts', partikular sa transaksiyon noong Disyembre, 2019 patungkol sa "christmas grocery packs" at "appliances" na malinaw na labag sa itinatagubilin ng Republic Act No. 9184 o' "Government Procurement Act".

**PINAGTIBAY.**

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG.KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA B. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10192020